


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 2

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1
## Pagpapantig ng mga Mas Mahahabang Salita



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ivy Leigh P. Castañeda
**Editor:** Carmelita C. Goles
**Tagasuri:** Carmelita C. Goles
Genie A. Ybañez
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Ivy Leigh P. Castañeda
**Tagalapat:** Ivy Leigh P. Castañeda, Florencio R. Caballero
**Tagapamahala:** SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
CID Chief Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE
EPS Josephine L. Tomboc, EdD



# Alamin

Isang masayang pagbati! Handa ka na ba sa panibagong aralin sa araw na ito? Panahon na upang tuklasin natin kung gaano kalawak ang iyong kaalaman at pag-unawa sa pamamagitan ng pagtugon sa ibat ibang gawaing makikita sa modyul na ito. Halina't mag-aral tayo!

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:
- Napapantig ang mga mas mahahabang salita. **(F2KP-IIc-3)**
- Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid at batayang talasalitaan. **(F2pp-IIe-2.2; F2PP-IIIe-2.1)**



# Balikan

**<u>Panuto</u>**: Hanapin at isulat ang nawawalang pantig sa loob ng kahon upang mabuo ang pangalan ng nasa larawan.

| ak | gu | so | pis | da |
|---|---|---|---|---|

1.  _____long

2.  _____hon

3.  ba_____

4.  la______


5.  _____lat



# Tuklasin

**<u>Panuto</u>**: Basahin ang kuwento at unawain itong mabuti.

**Pamilya delos Reyes**



Ang pamilya delos Reyes ay naninirahan sa Masbate.Malapit sa baybay dagat ang kanilang tirahan kaya't sagana sila sa yamang dagat. Marami ang mga puno ng bakawan sa baybayin.

Dito madalas pumunta ang magkapatid na Zeny at Zoren. Nanghuhuli sila ng mga isda at alimango. Paborito kasi ang mga ito ng kanilang mga magulang na sina Aling Mila at Mang Albert. Kapag walang pasok sa eskuwela, nakaugalian na ng magkakapatid na magmasid ng mga ibong nagliliparan. Naghahabulan sila sa baybaying may puting buhangin. Kung minsan pati kanilang kaibigan ay nakikipagpiknik sa kanilang lugar.

Ang lolo at lola nina Zeny at Zoren ay nakatira naman sa malawak na lupain sa Masbate. Ang kalahati nito ay natatamnan ng mga puno ng niyog na pinagkakakitaan ng kanilang lolo at lola ng kabuhayan.

Kapag pumupunta ang magkakapatid kina Lolo Bindoy at Lola Genia, ipinaghahanda sila nito ng sinampalukang manok.

Minsan naman, sila ay ipinagluluto ng bulalo. Sa kanilang pag-uwi, pinababaunan pa sila ng karamelado na gawa sa gatas ng kalabaw na gustong-gusto ng magkapatid.

Ngayon ay unawain mo at sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.

1. Bakit sagana sa yamang dagat ang pamilya delos Reyes?
   ____________________________________________
2. Ano-ano ang yamang dagat namakikita rito?
   ____________________________________________
3. Ano-ano ang maaaring gawin sa baybaying dagat?
   ____________________________________________
4. Paano pinalilipas ng magkakapatid ang oras kapag walang pasok?
   ____________________________________________
5. Ikaw, ano ang iyong ginagawa kapag walang pasok?
   ____________________________________________
6. Anong damdamin ang ipinahihiwatig sa kuwentong binasa?
   ____________________________________________



# Suriin

Magaling! Matagumpay mong nasagutan ang mga katanungan.

Basahin ang mga sumusunod na salita mula sa kuwentong binasa.

magkapatid-- *mag-ka-pa-tid*
naninirahan-- *na-ni-ni-ra-han*
naghahabulan-- *nag-ha-ha-bu-lan*

Ang salitang <u>magkapatid</u> ay may apat na pantig. Binubuo ito ng pinagsamang pantig na <u>mag</u>, <u>ka</u>, <u>pa</u> at <u>tid</u>.

Ang salitang <u>naninirahan</u> ay may limang pantig. Binubuo ito ng pinagsamang pantig na <u>na</u>, <u>ni</u>, <u>ni</u>, <u>ra</u> at <u>han</u>.

Ang salitang <u>naghahabulan</u> ay may limang pantig. Binubuo ito ng pinagsamang pantig na <u>nag</u>, <u>ha</u>, <u>ha</u>, <u>bu</u> at <u>lan.</u>

Basahin ang iba pang mga salita mula sa kuwento. Sabihin ang mga pantig na bumubuo sa bawat salita.

pamilya-- *pa-mil-ya*
malawak-- *ma-la-wak*
paborito-- *pa-bo-ri-to*
nakatira—*na-ka-ti-ra*
nagliliparan—*nag-li-li-pa-ran*
nakikipagpiknik—*na-ki-ki-pag-pik-nik*
pinagkakakitaan—*pi-nag-ka-ka-ki-ta-an*

Ang mga ***salita*** ay binubuo ng mga kumbinasyon ng mga ***pantig***.

Ang p***agpapantig*** ng mga salita ay makatutulong sa pagbaybay nito nang wasto.



# Pagyamanin

A. **Panuto**: Piliin at isulat ang tamang bilang ng pantig na bumubuo sa salitang nasa loob ng hugis.

_______1.) 2 kalabaw 3

_______2.) 2 bakawan 3

_______3. ) 3 natatamnan 4

_______4.) 5 pinaghahanda 6

_______5.) 5 nagmamaneho 6

B. **Panuto**: Pantigin ang bawat salita. Isulat ang iyong sagot sa patlang.
Halimbawa: pamilihan — *pa-mi-li-han*

1.) paaralan-- ______________________
2.) kalsada-- ______________________
3.) pamayanan-- ______________________
4.) palaruan-- ______________________
5.) kapaligiran -- ______________________

C. **Panuto**: Kumpletuhin ang tsart sa ibaba. Pantigin ang mga sumusunod na salita.

| Salita | Pagpapantig | Bilang ng mga Pantig |
|---|---|---|
| Hal: makapal | ma-ka-pal | 3 |
| 1. sinasabi | | |
| 2. mapagbigay | | |
| 3. nakadikit | | |
| 4. nagsisigawan | | |
| 5. nagpasalamat | | |



# Isaisip

Natutukoy ang bilang ng pantig ng salita sa pagpapantig. Ang **pagpapantig** ay wastong paghahati o paghihiwalay ng mga pantig ng salita. Nakatutulong ang pagpapantig sa tamang pagbigkas at pagbaybay ng mga salita.



# Tayahin

A. **Panuto**: Piliin ang tamang pagkakapantig ng mga salita. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. bulaklak
   a. bul-ak-lak
   b. bu-lak-lak
   c. bu-la-k-la-k
   d. bulak-lak

2. kapatid
   a. ka-pa-tid
   b. k-apa-ti-d
   c. kapa-tid
   d. kap-a-tid
3. gumagawa
   a. gum-aga-wa
   b. guma-gawa
   c. gu-ma-ga-wa
   d. gu-maga-wa
4. sumusunod
   a. su-mu-su-nod
   b. sum-usu-nod
   c. sumu-sunod
   d. su-musu-no-d
5. matatandaan
   a. mat-atan-daan
   b. mata-tan-daan
   c.matatan-daan
   d. ma-ta-tan-da-an



# Karagdagang Gawain

Lagyan ng tsek (✓) sa patlang kung tama ang pagkakapantig ng mga salita at ekis (✕) naman kung mali.

_________1. sim-ba-han
_________2. sa-la-min
_________3. bas-ura-han
_________4. kaa-raw-an
_________5. na-si-si-ya-han

# Susi ng Pagwawasto

**TUKLASIN:**

1. malapit sa baybay dagat ang kanilang tirahan
2. bakawan, isda at alimango
3. nanghuhuli ng isda at alimango
4. magmasid ng mga ibong naglilipparan, naghahabulan at nakikipagpiknik
5. iba-iba ang maaring sagot ng mga mag-aaral
6. pagkatuwa

**BALIKAN:**

1. gu
2. da
3. so
4. pis
5. ak

**TAYAHIN:**

1. B
2. A
3. C
4. A
5. D

**Karagdagang Gawain:**

1. ✓
2. ✓
3. ✗
4. ✗
5. ✓

**PAGYAMANIN:**

**A.**

1. 3
2. 3
3. 4
4. 5
5. 5

**B.**

1. pa-a-ra-lan
2. kal-sa-da
3. pa-ma-ya-nan
4. pa-la-ru-an
5. ka-pa-li-gi-ran

**C.**

1. si-na-sa-bi / 4
2. ma-pag-bi-gay / 4
3. na-ka-di-kit /4
4. nag-si-si-ga-wan / 5
5. nag-pa-sa-la-mat / 5

# Sanggunian


Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.

Garcia, Aligante, Ola, Cruz, Castro, Padalla, Alburo, and Cruz. *Ang bagong batang Pinoy 2*. Philippines: Rex Book Store, Inc., 2013.

Villafuerte, and Ona. *Pagdiriwang ng wikang Filipino 2*. (Binagong edisyon 2010). Philippines: Diwa Scholastic Press, Inc., 2003.